

1

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 36: Paghula sa Katapusan ng Kuwentong Napakinggan



MTB-MLE – Unang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 36: Paghula sa Katapusan ng Kuwentong Napakinggan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Myda S. Bibat
Editor: Mark-Jhon R. Prestoza, Jun-Jun R. Ramos, Jeniifer S. Gannod
Tagasuri: Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Tagaguhit: Efraem E. Reyes, Florante D. Salazar
Tagalapat: Efraem E. Reyes, Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James D. Pamittan
Rodrigo V. Pascua
Mariatess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng
Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 36:
Paghula sa katapusan ng
kuwentongnapakinggan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito. Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat upang malinang ang iyong kakayahan at mabigyan ng pagkakataon para maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang Mother Tongue sa unang baitang. Dito, malilinang ang iyong kakayahan sa pagbibigay ng sariling wakas sa kuwentong napakinggan.


Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang makapagbigay ka ng maaaring wakas sa mga kuwentongnapakinggan.



Subukin


Gawain 1

Tingnan ang mga larawan at ituro ang mga bagay na kadalasang makikita sa hardin.



Gawain 2

Iguhit sa malinis na papel ang nawawalang parte ng larawan sa ibaba. Isulat ang pangalan ng nabuong larawan sa pinagguhitang papel.



Gawain 3

Piliin sa loob ng kahon ang mga salitang naglalarawan sa isang paru-paro. Isulat ang mga ito sa isang malinis na papel.

makulay	tumatalon	maliit
kumakanta	lumilipad	insekto

Aralin

1

Paghula sa Katapusan ng Kuwentong napakinggan

Sa araling ito matututunan kung paano maibibigay ang wakas sa kuwentong napakinggan batay sa mga detalyeng nabanggit, sa naramdaman o sarilingkaranasan.



Balikan

Basahin ang tula sa ibaba at tukuyin kung sino angnagsasalita sa tula.

Kaibigan ko si Kiko

Ni: Myda S. Bibat

Si Kiko ay aking kaibigan

Malambing at maaasahan

Pinapasaya niya si tatay at nanay

Tuwing sila'y pagod sa gawaing bahay

Siya ay aking kalaro

Siya ang aking alagang aso



Tuklasin

Makinig sa kuwento.

Si Missy at Ang Hardin

Isinulat ni: Myda S. Bibat

Ang pamilya ni Missy ay nakatira sa isang malawak at makulay na hardin. Araw-araw ay masipag nilang binabantayan ang mga magagandang bulaklak maliban lang kay Missy na ang tanging gusto ay lumipad nang lumipad at makipaglaro maghapon sakanyang mga kaibigan.

Isang araw ay ibinilin kay Missy ang pagbabantay sa hardin, “Anak, ikaw na muna ang bahalang magbantay dito sa hardin, kami ng iyong nanay at kapatid ay tutulong sa pagpapaganda ng bagong hardin sa kabilang bayan”, bilin ng ama. “Opo itay”, sagot ng nakangiting si Missy.

“Hay, salamat, wala silang lahat, magagawa ko na ang gusto ko”, pilyang sabi ng batang paru-paro. Lumipad nang lumipad kung saan-saan si Missy, at nakipaglaro sa kanyang mga kaibigan at hindi na ginawa ang inutos ng ama. Sa pagod ay nakatulog siya sa ilalim ng malaking bulaklak.

Lingid sa kanyang kaalaman ay sinundan pala siya nina Patrick at Bob, sila ang mga insektong ang tanging alam ay manira ng hardin.


Nang makitang mahimbing na natutulog si Missy ay nagpaikot-ikot sila sa hardin at sinira lahat ang mga naggagandahang bulaklak, ni isa ay wala silang pinalampas. Pagkagising ni Missy ay nanlumo at naluha siya sa nakitang sira-sirang hardin.



Suriin

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang madalas gawin ng mag-anak?
3. Bakit umalis ang pamilya ni Missy?
4. Tama ba ang naging tugon ni Missy sa utos ngmagulang? Bakit?
5. Ano sa palagay mo ang magiging wakas ngkuwentong narinig?



Pagyamanin

Iguhit sa isang malinis na papel ang iyong sarilingwakas sa kuwentong “Si Missy at ang Hardin”.



Isaisip

Ang isang kuwento ay maaaring bigyan ng sariling wakas ng mga mambabasa na naaayon sa kanilang reaksyon sa kuwentong napakinggan.



Isagawa

Gawain 1

Makinig sa kuwento at isulat sa kuwaderno ang maaaring wakas nito.

Si Jastine

Masinop at masipag na mag-aaral si Jastine kaya tuwang-tuwa sa kanya ang mga magulang sa ipinapakita nito sa paaralan. Sa kabila nito, nalulungkot si Jastine tuwing nakikita niya ang kanyang mga kamag-aral na may mga bagong laruan. Gusto niyang magkaroon din ng mga iyon ngunit alam niyang walang pambili ang kanyang mga magulang. Kaya araw-araw ay nagtatabi siya mula sa perang baon sa eskwela na ibinibigay ng kanyang mga magulang.



Tayahin

Ibigay ang maaring wakas ng mga sumusunod nasitwasyon. Ipaliwanag ang iyong sagot. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. Araw-araw na naglilinis ng kanilang bakuran si Mika. Nakaugalian na niya ang tamang pagsegregate ng mga basura.
2. Umuwi sina Ginoo at Ginang Antonio mula sa trabaho at nadatnang inaapoy ng lagnat ang kanilang anak na si Gerry.



Karagdagang Gawain

Makinig sa isa pang kuwento at isulat sa sagutangpapel ang maaaring wakas nito.

Tuwing sasapit ang gabi, sama-samang nanonood ang pamilya Santos ng balita sa telebisyon dahil gusto nilang malaman ang kalagayan ng bansa sa ilalim ng pandemyang dulot ng COVID-19. “Inay, paano po ba makakaiwas sa sakit na COVID-19?”, tanong ni Anne. “Anak, kailangan mo lang maging malinis sa katawan, palaging kang maghuhugas ng kamay, umiwas sa maraming tao, manatili sa bahay, at dapat sundin ang mga ipinaguutos ng gobyerno”, sagot ni Gng. Santos.


Matiyagang sinunod ni Anne ang mga sinabi ng ina.



Susi sa Pagwawasto



SUBUKIN: Gawain 1



SUBUKIN: Gawain 2

Gawain 3

makula	mal	lumilipa	insekt
y	ilit	d	o

SURIIN:

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Si Missy at ang kanyang pamilya, Patrick at Bob ang mga bulaklak ng hardin

2. Masipag nilang binabantayan at pinapaganda ng bagong hardin sa kabilang bayan

4. Hindi. Hindi siya sumunod sa ipinag-utos ng kanyang mga magulang.
(Tanggapin ang iba pang maaring sagot)
5. Nalungkot ang buong pamilya ni Missy sa pagkasira ng hardin.

(Tanggapin ang iba pang maaring sagot)

PAGYAMANIN:

(Tanggapin ang naayon na sagot ng mga bata)

TAYAHIN:

(Tanggapin ang naayon na sagot ng mga bata)

KARAGDAGANG GAWAIN:

(Tanggapin ang naayon na sagot ng mga bata)

Sanggunian

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

English – Grade 1, Teacher's Guide, First Edition 2016
Department of Education

Pinagmamang Pluma 4 (K-12), Wika at Pagbasa 2017
Phoenix Publishing House Inc.

<https://printableworksheets.in/worksheet/pagbibigay-ng-wakas-sa-kwentong-binasa?fbclid=IwAR1sOaa-8YCosSCYA8N7Hklsou-oDzDygpRJOJD7nKQqETbUbxuB8W58HMo>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph